

Pagtulong sa isang Indibidwal sa Paglalapat ng Gamot sa Sarili

Ang papel ng tip na ito ay kasama sa presentasyong “Pagtulong sa isang Indibidwal sa Paglalapat ng Gamot sa Sarili.”

10 Hakbang sa Ligtas na Paglalapat sa Sarili

Unang Hakbang: Kunin ang Rekord ng Paglalapat ng Gamot (Medication Administration Record o MAR) para sa indibidwal

- Tingnan nang dalawang beses kung ang MAR para sa tamang indibidwal ang nakuha mo
- Magtrabaho para sa iisang indibidwal lamang bawa pagkakataon

Ika-2 Hakbang: Tipunin ang mga supply

- Mga paper cup para sa mga tablet at mga kapsula; plastic na in-adjust na pansukat na tasa o kutsara ng gamot para sa likido
- Kumuha ng baso ng tubig at isang pluma

Ika-3 Hakbang: Maghugas ng mga kamay

- Hugasan ang iyong mga kamay at tulungan ang indibidwal na tinutulungan mo na hugasan ang mga kamay
- Magsuot ng guwantes para sa sumusunod na mga hakbang

Ika-4 na Hakbang: Ilabas ang mga gamot

- Ilabas ang mga gamot mula sa nakakandadong pinag-imbakang lalagyan o lugar
- Panatilihin nasa iisang may pangalang storage unit ang lahat ng gamot ng isang indibidwal

Ika-5 Hakbang: Pagsuri sa Beripikasyon

- Habang kinukuha mo ang bawat lalagyan ng gamot mula sa **storage unit** ng indibidwal, basahin ang label ng gamot at ihambing ito sa MAR para sa Pitong Tama
 - Tamang tao, tamang medikasyon, tamang dosis, tamang oras, tamang ruta, tamang dahilan, at tamang dokumentasyon

Ika-6 na Hakbang: Pagsuri sa Preparasyon

- Bago isalin ang gamot, basahin ang label ng gamot at ihambing ito sa MAR para sa Pitong Tama
- **Para sa mga tablet o mga kapsula:**
 - Isalin ang tamang dosis sa **takip** ng lalagyan
 - Pagkatapos isalin sa isang maliit na paper cup
 - Gumamit ng **hiwalay** na disposable paper cup para sa bawat gamot (Ang pagsalin sa lahat ng gamot sa isang paper cup ay magdadagdag sa panganib ng mga mali sa gamot)

- **Para sa mga bubble pack:**
 - Itugma ang mga tableta/kapsula sa bubble pack sa tamang araw ng buwan
 - Hatiin ang slot, tanggalin ang mga pildora mula sa pack, at ilagay sa tasa
 - I-swipe gamit ang daliri ang loob ng bubble pack para matiyak na natanggal ang lahat ng gamot
- **Para sa mga likidong gamot:**
- Isalin ang tamang dosis sa in-adjust na pansukat na tasa o kutsara, o oral syringe, na hinawakan sa lebel ng mata
 - ✓ Hanapin ang marka para sa dosis
 - ✓ Punan ang tamang antas ng dosis
 - ✓ Kung masyadong marami ang likidong naisalin, **huwag** itong isalin pabalik sa bote – Ibasura ito sa pamamagitan ng pagbuhos nito sa isang plastic bag, ihalo sa isang hindi nais na substansya (giniling na kape o dumi), selyuhan ang bag, at itapon ito sa basurahan
 - ✓ Gamitin lamang ang isang in-adjust na pansukat na tasa o kutsara na ang mga sukat ay malinaw na nakamarka sa gilid
 - ✓ Palaging tingnan para matiyak na ang unit ng sukat sa pansukat na tasa, kutsara, o syringe ay katugma sa unit ng sukat para sa dosis na gusto mong ibigay

Ika-7 Hakbang: Pagsuri sa presentasyon

- Bago ibigay ang gamot sa indibidwal, basahin ang label ng medikasyon at ihambing sa MAR para sa Pitong Tama
- Ilagay ang medikasyon sa lugar na maabot ng indibidwal
- Magbigay ng isang basong tubig, pinaka-kaunti apat na onsa
- Tiyakin na pamilyar ka sa anumang espesyal na mga espesyal na tagubilin sa paglapat ng gamot (pagkain, walang pagkain, atbp.)

Ika-8 Hakbang: Tiyakin na ininom ng indibidwal ang gamot

- Manatili sa indibidwal hanggang sigurado ka nang nilulon nila ang gamot
- Tiyakin na umiinom ang indibidwal ng tubig
- Kung nahahirapan ang indibidwal sa pag-inom ng tubig o sa paglulon ng mga likido, maaaring hilingin ng DSP ang doktor tungkol sa pag-inom ng pasyente ng gamot kasama ang Jell-O, apple sauce, o iba pang mga alternatibo

Ika-9 na Hakbang: Irekord

- Irekord na ininom ng indibidwal ang kanilang gamot sa pamamagitan ng paglagay sa iyong mga inisyal sa box na katugma ng petsa at oras sa MAR

Ika-10 Hakbang: Ibalik ang mga medikasyon

- Ibalik ang mga lalagyan ng gamot sa storage unit
- Basahin ang mga label para tingnan kung ang pangalan ng indibidwal ay kapareho sa pangalan sa storage unit

Tip Sheet

- **HUWAG NA HUWAG** iwanan ang lalagyan ng medikasyon na walang nagbabantay o ibigay sa iba pang tao para ibalik sa nakakandadong lalagyan o lugar ng storage

Tandaan...

Kung mayroon kang ANUMANG mga pagdadalawang-isip kung ang gamot ay ang tamang form o ANUMANG mga tanong tungkol sa pagtulong sa indibidwal sa sariling paglalapat, **kumonsulta sa nagresetang doktor o pharmacist**